# Mga Pangkahalahatang na Ipinag-aatas sa Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho (Occupational Health and Safety) ng Ericsson sa Supplier

Requirement Specification

Mga Nilalaman

1 Panimula ... 3
2 Mga Kahulugan ... 3
3 Sistema ng Pamamahala ng OHS ... 4
4 Mga Partikular na Inaatas ng Ericsson sa OHS ng Supplier ... 7
5 Baguhin ang impormasyon ... 8

# 1 Panimula

Sa Ericsson, nagmamalasakit kami sa lahat ng nagtatrabaho para sa amin at gusto naming matiyak na makakauwi nang ligtas at maayos araw-araw ang lahat. Nakatuon kami sa pagbibigay ng ligtas at malusog na kapaligiran sa trabaho, para sa lahat kabilang ang aming mga empleyado, empleyado ng supplier, at sinumang nagtatrabaho sa ngalan namin. Ang aming layunin ay Target Zero — walang pagkamatay at insidente na kinabibilangan ng mga pinsala at karamdaman na nauugnay sa trabaho. Ang Target Zero ay isang kolektibong pangako sa pagitan ng Ericsson at ng aming mga supplier. Sakop ng pangakong ito ang lahat ng indibidwal na nagtatrabaho sa ngalan ng Ericsson, kabilang na ang mga empleyado ng supplier at mga empleyado ng mga subcontractor ng supplier.

Naglabas ang Ericsson ng Code of Conduct para sa lahat ng supplier, na nagtatakda ng mga kinakailangan sa mga sistema ng pamamahala, laban sa katiwalian at etika sa negosyo, mga karapatang pantao at karapatan ng manggagawa, Occupational Health and Safety (OHS), at pamamahala sa kapaligiran sa lugar ng trabaho. Para ma-access ang Code of Conduct ng Ericsson, bisitahin ang: http://www.ericsson.com/responsible-sourcing

Tinutukoy ng dokumentong ito ang mandatoryo at may bisang kontraktwal na kinakailangan sa Occupational Health and Safety (OHS) na inilalagay ng Ericsson sa lahat ng supplier ng Ericsson. Sa dokumentong ito, sinasaklaw ng mga terminong “Supplier” o “tauhan ng Supplier” ang lahat ng empleyado ng supplier, contractor, subcontractor, ahente ng Supplier, at sinumang iba pang indibidwal sa ilalim ng impluwensya o kontrol ng Supplier. Ang Supplier ay may pananagutan sa pagtitiyak na ang lahat ng naturang indibidwal ay sumusunod sa mga ipinag-aatas na nakasaad sa dokumentong ito.

May karapatan ang Ericsson na i-audit at tasahin ang pagsunod ng Supplier sa mga ipinag-aatas na nakasaad sa dokumentong ito.

# 2 Mga Kahulugan

**Mga aktibidad na may mataas na panganib**: aktibidad o trabaho na may mataas na posibilidad na magkaroon ng pinsala o karamdaman na posibleng magresulta sa pagkamatay o matinding pinsala sa manggagawa o apektadong tao kung hindi nagawa ang mga kinakailangang pag-iingat. Ang mga aktibidad na ito ay mga likas na mapanganib na gawain na nangangailangan ng matinding konsentrasyon, pagkaalerto, o kakayahan. Kasama sa mga aktibidad na ito ang:

- Pag-akyat at pagtatrabaho sa mataas na lugar kasama ang, ngunit hindi limitado sa:
  a. Paggamit ng mga hagdan
  b. Paggamit ng mga aerial lift

 © Ericsson AB 2025 

c. Pag-rig at manual o mekanikal na pagbubuhat ng mga materyales/equipment

- Pagmamaneho ng sasakyan
- Pagtatrabahong gumagamit ng kuryente
- Pagsasagawa ng konstruksyon at mga gawaing sibil
- Paggamit ng mga powered hand tool
- Potensyal na pagkakalantad sa radio frequency at mga electromagnetic field
- Paghawak ng mga kemikal
- Pagpasok sa isang saradong lugar

**Insidente:** isang hindi planadong kaganapan o pagkakalantad na nagresulta o may potensyal na magresulta sa pagkamatay, pinsala, karamdaman, o pinsala sa kagamitan/pag-aari. Nangyayari ito habang nasa trabaho ang apektadong tao, nagsasagawa ng aktibidad na nauugnay sa trabaho, o apektado ng aktibidad na nauugnay sa trabaho. (Kabilang dito ang kaganapang nangyayari habang nagko-commute papunta at pauwi sa trabaho.)

**Near Miss:** isang hindi planadong kaganapan na hindi nagresulta sa pagkamatay, pinsala, karamdaman, o pinsala sa kagamitan/pag-aari ngunit may potensyal na mangyari.

**Pag-obserba ng Panganib:** mga peligro o panganib na naoobserbahan gaya ng mga mapanganib na bagay, kaganapan, gawi, o kundisyong may potensyal na magdulot ng pinsala, karamdaman, o pinsala sa pag-aari.

**Awtoridad sa Paghinto ng Trabaho**: pagpapahinto ng trabaho o pakikialam sa isang sitwasyon sa trabaho ng Ericsson, tauhan ng Supplier, o iba pang kinontrata ng Supplier kapag naniniwala sila o ang iba na nasa agarang panganib na dumanas ng pagkamatay, pinsala, o karamdaman.

# 3 Sistema ng Pamamahala ng OHS

Ang Supplier ay dapat magkaroon ng OHS Management System na naglalaman, sa pinakamababa, ng mga sumusunod na elemento. Dapat ding tiyakin ng Supplier ang pagkakaroon ng mga mapagkukunan, kabilang ang mga karampatang tauhan ng OHS, upang itatag, ipatupad, panatilihin, at pahusayin ang Sistema ng Pamamahala ng OHS.

- **Patakaran ng OHS**

  Ang Supplier ay dapat magkaroon ng sariling Patakaran sa OHS. Ang patakaran ay dapat na naaangkop sa uri at tindi ng mga panganib sa OHS ng Supplier at dapat mayroon itong pangako sa pag-iwas sa pinsala at karamdaman at patuloy na pagpapahusay.

- **Pagsunod sa mga legal na inaatas at mga inaatas ng Ericsson**

  Dapat sumunod ang Supplier sa lahat ng naaangkop na legal na inaatas ng OHS at mga inaatas ng Ericsson. Ang Supplier ay dapat magkaroon ng proseso upang matiyak ang pagsunod at pagsubaybay sa mga pagbabago sa mga legal na inaatas at inaatas ng Ericsson. Kung may paglabag sa pagitan ng legal na inaatas at mga inaatas ng Ericsson, ang mas mahigpit ang mananaig.

- **Pagsusuri sa panganib.**

  Ang Supplier ay dapat gumawa ng paraan na nakabatay sa panganib, na isinasaalang-alang ang panloob at panlabas na mga salik, upang maiwasan ang mga insidente sa mga tauhan ng Supplier, sinumang nagtatrabaho sa ngalan ng Ericsson, o iba pa na maaaring maapektuhan ng aktibidad na nauugnay sa trabaho.

  Ang Supplier ay magsasagawa ng  ng panganib upang alisin o bawasan ang mga panganib batay sa Hierarchy of Controls (Elimination, Substitution, Engineering controls, Administrative controls, Personal protective equipment). Bukod pa rito, dapat magbigay ang Supplier ng espesyal na proteksyon at tulong na mga hakbang sa mga tauhan ng Supplier na nasa panganib ng pagkakalantad sa trabaho, gayundin sa mga madadaling maapektuhan na manggagawa, tulad ng mga may kapansanan, mga buntis na kababaihan, at mga nanay na nagpapasuso. Ang mga pagsusuri ng Panganib ay dapat isagawa bago simulan ang trabaho at bago isagawa ang malalaking pagbabago, at pati na ang pana-panahong pagsusuri at pag-update rin.

- **Konsultasyon at partisipasyon ng mga tauhan ng Supplier**

  Ang Supplier ay dapat magtatag ng isang proseso para sa konsultasyon at partisipasyon ng mga tauhan ng Supplier, at, kung mayroon man, ng mga kinatawan ng empleyado, sa pagbuo, pagpaplano, pagpapatupad, pagsusuri sa pagganap, at patuloy na pagpapabuti ng sistema ng pamamahala ng OHS gayundin sa pagtukoy ng mga panganib, pagsusuri ng mga panganib, at pagpapatupad ng mga hakbang sa pagkontrol.

- **Pagsasanay at kakayahan**

  Ang Supplier ay dapat magbigay ng angkop na pagsasanay sa lahat ng tauhan ng Supplier at tiyakin na ito ay natanggap bago simulan ang trabaho at regular pagkatapos noon. Kasama sa pagsasanay, ngunit hindi limitado sa, mga panganib sa trabaho at mga hakbang sa pagkontrol na ipapatupad. Dapat tiyakin ng Supplier na ang lahat ng tauhan ng Supplier ay may kakayahang gawin ang kanilang mga nakatalagang gawain.

  Bilang karagdagan, dapat tiyakin ng Supplier na ang mga tauhan lamang na medically fit ang itatalaga para sa trabaho.

- **Kontrol sa pagpapatakbo**

Ang lahat ng aktibidad na may mataas na panganib ay dapat mahigpit na kontrolin, napapailalim sa inspeksyon bago simulan ang anumang trabaho at dapat inspeksyunin sa oras ng trabaho.

Dapat tiyakin ng Supplier ang pagbibigay ng naaangkop na personal protective equipment (PPE) na nakakatugon sa mga lokal o internasyonal na pamantayan sa mga tauhan ng Supplier nang walang bayad. Bukod pa rito, ang mga tauhan ng Supplier ay dapat makatanggap ng sapat na tagubilin, pagsasanay, at pagsubaybay sa tamang paggamit ng PPE.

Dapat matugunan o malampasan ng Supplier ang Mga Pamantayang Pagpapatakbo ng OHS ng Ericsson sa mga sumusunod na lugar, kapag naaangkop sa kanilang saklaw ng trabaho para sa Ericsson:

- Pag-akyat at pagtatrabaho sa matataas na lugar
- Kaligtasan sa pagmamaneho at sasakyan
- Pagtatrabahong gumagamit ng kuryente
- Paggamit ng kemikal
- Pagkakalantad sa mga radio frequency electromagnetic field
- Mano-manong pangangasiwa
- Pagtatrabaho nang mag-isa
- Pagpasok sa kulob ba lugar
- Pamamahala sa konstruksyon at mga sibil na trabaho
- Personal na Pamprotektang Kagamitan
- Pag-iwas sa sunog
- Ingay sa kapaligiran at trabaho

Dapat tukuyin ng Supplier ang Mga Pamantayang Pagpapatakbo ng OHS ng Ericsson na nalalapat bago ang pagsisimula ng napagkasunduang saklaw ng trabaho.

Ang Mga Pamantayang Pagpapatakbo ng OHS ng Ericsson ay puwedeng baguhin ng Ericsson anumang oras. Ang mga rebisyon sa EMga Pamantayang Pagpapatakbo ng OHS ng Ericsson ay magkakabisa mula sa petsa ng paglabas mga ito, nang hindi isinasaalang-alang kung inilabas ang mga ito bago o pagkatapos ng pagpirma ng kontrata, maliban na lang kung may ibang ginawang kasunduan sa pamamagitan ng pagsulat sa Ericsson. (Ipapaalam ni Ericsson ang anumang rebisyon sa Supplier.) Kung sakaling matukoy ng Supplier ang isang pagbabago sa Mga Pamantayang Pagpapatakbo ng OHS ng Ericsson na materyal na nakakaapekto sa kakayahan nitong ihatid ang naaangkop na saklaw ng trabaho, dapat talakayin at sang-ayunan ng Ericsson at Supplier ang pamamaraan, mga implikasyon, at timeline para sa pagpapatupad ng naturang pagbabago.

- **Paghahanda at pagtugon sa emergency**

  Dapat tukuyin ng Supplier ang mga potensyal na sitwasyong pang-emergency at alam kung paano tumugon sa mga ito sa pamamagitan ng pagtatatag at pagpapanatili ng mga nauugnay na planong pang-emergency. Ang mga planong pang-emergency ay dapat ipaalam sa nauukol na tauhan ng Supplier. Ang mga pang-emergency na pagsasanay ay dapat isaayos


© Ericsson AB 2025

ayon sa mga kaugnay na legal na inaatas. Kung walang ganoong inaatas, dapat itong isagawa nang kahit isang beses sa isang taon.

- **Pag-uulat at pamamahala ng insidente**

  Ang Supplier ay dapat magtatag, magpatupad at magpanatili ng proseso ng pamamahala ng insidente upang mag-ulat at mag-imbestiga ng mga insidente, at magsagawa ng mga pagwawasto.

  Dapat hikayatin ng Supplier ang lahat ng tauhan ng Supplier na mag-ulat ng mga insidente ng OHS kabilang ang mga pagkamatay, mga pinsala, sakit, panganib, peligro, at mga muntikan na panganib, gayundin ang mga kaso ng Awtoridad na Paghinto ng Trabaho.

  Pananagutan ng Supplier na tiyakin na ang mga insidente na nauugnay sa Ericsson ay iniuulat sa Ericsson upang matukoy ang mga ugat na sanhi at maiwasang ito ay maulit. Ang Global Incident Reporting Tool (GIRT) ng Ericsson ang tool upang mag-ulat ng mga insidente ng OHS.

  Kailangang magkaroon ng proseso upang mapadali ang pagbabalik sa trabaho ng mga tauhan ng Supplier na nasangkot sa pinsala o sakit na nauugnay sa trabaho.

  Para sa mga detalye sa Awtoridad sa Paghinto ng Trabaho, mangyaring sumangguni sa Proseso ng Awtoridad na Paghinto sa Trabaho para sa Mga Supplier.

- **Programa sa pagsukat at pagpapahusay ng performance**

  Dapat suriin ng Supplier ang Sistema ng Pamamahala ng OHS nito, sukatin ang pagganap ng OHS, at magkaroon ng programang pagpapabuti ng OHS, kabilang ang mga layunin at plano ng pag-aksyon.

Dapat tiyakin ng supplier na ang mga nauugnay na dokumento ay napapanahon at maayos na napapanatili ang mga talaan.

## 4 Mga Partikular na Inaatas ng Ericsson sa OHS ng Supplier

Ang Mga Partikular na Inaatas ng Ericsson sa OHS ng Supplier ay mandatoryo para sa Supplier na nagsasagawa ng mga aktibidad na may mataas na peligro habang nagbibigay ng mga serbisyo sa Ericsson. Inirerekomenda ang mga ito para sa lahat ng iba pang supplier.

Matatagpuan ang Mga Partikular na Inaatas ng Ericsson sa OHS ng Supplier sa Pahina ng Mga Partikular na Inaatas ng Ericsson sa OHS ng Supplier.

## 5 Baguhin ang impormasyon

Mga pagbabago mula noong huling rebisyon:

- Na-update na istraktura ng dokumento
- Mas partikular na tinukoy ang mga inaatas mula sa huling bersyon
- Nagsama ng mga bagong inaatas (ibig sabihin, konsultasyon at pakikilahok ng mga tauhan ng Supplier, kontrol sa pagpapatakbo, at paghahanda at pagtugon sa emergency)


© Ericsson AB 2025